# PAMAHAYAGAN AT PAGBABALITA SA FILIPINO: ISANG PANUKALANG KURSO TUNGO SA PAGPAPAUNLAD NG PROGRAMANG AB JOURNALISM SA CAVITE STATE UNIVERSITY

Undergradweyt na Tesis
Iniharap sa kagawaran ng mga Wika at Pangmasang Komunikasyon
Kolehiyo ng mga Sining at Agham
Cavite State University
Indang, Cavite

Bilang parsyal na pagtugon
sa mga kahingian para sa digring
Bachelor of Arts in Journalism

**GINA F. CARAGA**
**CHRISTINE JOY M. DOGELIO**
Abril 2016

## ABSTRAK

**CARAGA, GINA F., DOGELIO, CHRISTINE JOY M. Pamahayagan at Pagbabalita sa Filipino: Isang Panukalang Kurso Tungo sa Pagpapaunlad ng Programang AB Journalism sa Cavite State University**. Bachelor of Arts in Journalism. Cavite State University, Indang Cavite. Abril 2016. Tagapayo: Bb. Rey Ann M. Maramag.

Isinagawa ang pananaliksik na Pamahayagan at Pagbabalita sa Filipino: Isang Panukalang Kurso tungo sa Pagpapaunlad ng Programang AB Journalism sa Cavite State University upang matukoy ang posibilidad na maidagdag ang naturang kurso sa pag-aaral ng Journalism sa pamantasan. Gumamit ng kwalitatibo at kwantitatibong dulog at disenyong deskriptibo ang pananaliksik. Apat na gurong regular at kontraktwal ang kinapanayam upang matukoy ang kasalukuyang estado o kalagayan ng programang AB Journalism sa Cavite State University ayon sa bilang ng mga guro at nilalaman ng programa. Kinuha rin ang kanilang pananaw ukol sa kursong Pamahayagan at Pagbabalita sa Filipino. Samantala, 214 na mag-aaral ng AB Journalism mula sa una hanggang ikatlong taon ang nagsagot ng sarbey kwestyoneyr upang maipahayag ang kanilang pangangailangan sa naturang kurso. Ayon sa resulta ng pananaliksik, mayroong sapat na bilang ng guro at bilang ng mga kursong medyor at elektib ang programang AB Journalism, alinsunod sa mga pamantayan at mungkahi ng Komisyon ng Mataas na Edukasyon. Subalit, hindi espesyalisasyon ng mga guro ang pagtuturo ng pamamahayag at pagbabalita sa Filipino. Kinakitaan ng mataas na antas ng pangangailangan sa kursong Pamahayagan at Pagbabalita sa Filipino ang mga mag-aaral. Kaugnay nito, kinakitaan ng mga guro ng potensyal at posibilidad na maidagdag ang naturang kurso bilang isang

elektib sa ilalim ng programang AB Journalism upang mapag-ibayo ang pagpapalawak sa kaalaman at kasanayan ng mga mag-aaral sa pamahayagan at pagbabalita.

## TALAAN NG MGA NILALAMAN


**Pahina**

**BIOGRAPHICAL DATA** ......iii

**PASASALAMAT** ......iv

**LISTAHAN NG TALAHANAYAN**......v

**LISTAHAN NG PIGURA**......vi

**LISTAHAN NG APENDISES** ......vii

PANIMULA......1

Paglalahad ng mga Suliranin......3

Layunin ng Pag-aaral......3

Teoretikal na Balangkas......4

Konseptwal na Balangkas......5

Kahalagahan ng Pag-aaral......7

Saklaw at Limitasyon ng Pananaliksik......7

Kahulugan ng mga Terminolohiya......8

**REBYU NG MGA KAUGNAY NA LITERATURA**......10

**METODOLOHIYA** ......34

Disenyo ng Pananaliksik......34

Panahon at Lugar ng Pag-aaral......34

Mga Baryabol ng Pag-aaral......35

Mga kalahok sa Pag-aaral......35

Sampling Procedure......35

Instrumento ng Pananaliksik......35

Proseso ng Pangangalap ng Datos......37

Statistical Treatment of Data……………………………………………………37

**RESULTA AT DISKUSYON**........................................................................................40

**BUOD, KONKLUSYON, AT** REKOMENDASYON……………………………..47

Buod……………………………………………………………………………......47

Konklusyon………………………………………………………………………..49

Rekomendasyon…………………………………………………………………...50

**SANGGUNIAN**……………………………………………………………………...51

**APENDISES**…………………………………………………………………………...53